〔Para sa mga batang mag-aaral na papasok sa unang antas
sa darating na Abril taong 2023〕

# BUHAY PAARALAN SA JAPAN
# (HIROSHIMA prefecture)

## Para sa mga bata at mga magulang maging sa mga itinalagang tapag – alaga na banyaga

JIDO： mga batang pumapasok sa elementarya
HOGOSHA ： mga tagapag-alaga na nagpapalaki ng mga anak



"Randoseru"
Ang tawag sa bag na ito na ginagamit sa elementarya. Anumang kulay ay maaari, dito nilalagay ang mga libro at sulatan.

"Bouhanbuza"
Alarma at pito para sa seguridad ng mga bata. Ikinakabit ito sa randoseru bag

Botelya para sa inumin tulad ng tubig at tsaa.

Bag na para lalagyan ng sapatos na ginagamit sa loob ng silid - aralan

Sumbrero
Lahat ng mag aaral sa elementarya sa Japan ay gumagamit nito.

Kasuotan sa Paaralan (Uniporme)
Ang mga paaralan sa Japan ay may kanya kanyang uniporme

Bag para sa Lunes at Byernes

Ang bag na ito ay para sa kasuotan sa PE o damit sa paghahanda ng pananghalian at ng "place mat". Malalaman ang karagdagang impormasyon dito sa mismong paaralan.

Ang kulay ng medyas ay depende sa patakaran ng paaralan.

**Nagsalin, Nagwasto at Naglathala : BUILD**

# Talaan ng mga Nilalaman


1. Buhay Paaralan 2

2. Alituntunin at Patakaran (Halimbawa) 3

3. Araw – araw na Iskedyul sa Paaralan 4

4. Basehan sa Pagmamarka 4

5. Mga Dapat na Gawain ng mga Magulang sa Tahanan 5

6. Kagamitan na Kailangan sa Paaralan 6

7. Mga Bayarin sa Paaralan 7

8. Mahalagang Ugnayan sa pagitan ng mga Magulang at ng Paaralan 8

9. Taunang Kaganapan 9

10. Kilalanin ang Paaralan 11

11. Pakikipag ugnayan sa Paaralan 12

12. Angkop na Kasuotan ng mga Magulang (Seremonya ng Pagbubukas ng Taon) 13

13. Impormasyon Ukol sa Pagpapatala 13


Ang gabay na ito ay para sa mga paaralan sa elementarya sa Hiroshima. Maaaring may kaibahan depende sa paaralan. Siguraduhing dumalo sa mga patawag ukol sa mga impormasyon sa pagpapatala sa mismong napiling paaalan.

## 1. Buhay Paaralan

| | |
|---|---|
| Gabay sa Oras | **Pagdating sa Paaralan** -<br>・ang mga mag aaral na nanggagaling sa iisang lugar ay naghihintayan at sabay-sabay na naglalakad patungo sa paaralan .<br>・Isang daanan o parehas na ruta lamang ang daraanan ng mga bata papunta at pauwi mula sa paaralan.<br>**・Mahalaga na ipaalam sa paaralan sa pagitan ng 7:30am – 8:20am kung ang inyong anak ay mahuhuli ng dating sa paaralan o kung ito ay liliban sa klase. Maaring tumawag o magpadala ng "e-mail" sa guro o sa paaralan ukol dito.**<br>**(Ang paaralan ay magbibigay ng karagdagang impormasyon ukol dito)** |
| 8:20 ng umaga | **Sa silid aralan –** Ang mga mag aaral ay sinisimulan ang araw sa magalang na pagbati sa lahat at pakikinig sa guro.<br>**Panglahatan –** May mga pagkakataon na ang lahat ng mga mag-aaral ay nagtitipon-tipon |
| Buong Umaga | **Klase＊**・Ang gurong tagapayo ay magtuturo.<br>＊Klase＝oras ng pag-aaral sa silid aralan<br>・Ang isang klase ay tumatagal ng 45 minuto. May apat na klase bago mananghalian<br>Magkakaiba ang mga klase sa araw araw. Maaaring tingnan sa talaan ang impormasyon ukol dito.<br>・May maikling pagitan sa bawat klase.<br>・Maaaring pumunta ang mga mag aaral sa palikuran bago magsimula ang susunod na klase. |
| Tanghalian | **Pananghalian sa Paaralan**<br>・Ang paaralan ang maghahanda ng pananghalian.<br>May karampatang bayarin para dito, at ito ay binabayaran kada buwan.<br>・May mga araw na walang hinahandang pananghalian.<br>・Ang mga mag-aaral ang naghahanda at nagsisilbi ng pananghalian ng kanilang kapwa mag-aaral. (palitan sa tungkulin).<br>・Ang paaralan ay nagpapadala ng sulat kung saan nakasaad ang nakatakdang pagkain sa araw-araw.  |
| Pagkatapos ng Pananghalian | **"Recess" o Makatapos ang Tanghalian** ー ang mga mag-aaral ay maaring maglaro sa palaruan sa loob ng paaralan.<br>**Paglilinis** ー Ang mga mag aaral ay naglilinis ng paaralan. Ang mga guro ay tumutulong o nagibibgay gabay sa mga oras na ito. |
| Buong Hapon | **Klase** ・May mga araw na walang klase sa hapon.<br>・Sa pagtatapos ng araw ー ang mga bata ay makikinig sa guro at maghahanda sa pamamaalam sa isa`t isa.<br>**Oras ng Uwian** ー ang mga mag aaral ay maari ng umuwi.<br>**Pagtatapos ng Eskwela** ー Ito ay pagkatapos ng huling klase.<br>※Simula sa unang antas, ang mga mag-aral ay nagsasanay na umuwi kasama ang kanilang kagrupo sa pag uwi. |

## Aktibidad Pagkatapos ng Klase (“Club”)

･･･Ang mga mag-aaral ay maaaring pumunta o lumahok sa ganitong mga aktibidad hanggang gabi.

Kinakailangang magpalista upang makalahok. Ihanda ang mga kakailanganing papeles na itinakda ng paaralan.

(Mangyaring ipasa ang aplikasyon sa pinakamalapit na “city hall”)

Mga Iba`t Ibang Sulat na Maaaring Matanggap Mula sa Paaralan**「TAYORI」**

**※tinatawag din「OTAYORI」**

･School Letter･･･Balita o mga impormasyon para sa mga bata
･Grade Letter（Classroom letter）･･･Impormasyon ukol sa antas o klase
･Health Care Letter･･･Impormasyon na may kinalaman sa paksang kalusugan ng mga mag-aaral
･School Lunch Letter･･･Impormasyon ukol sa pagkain sa pananghalian
Mahalagang pagtuunan ng pansin ang detalye dito upang maiwasan ang mga kaso ng “allergies”

**Ang「TAYORI/letter」ay naglalaman ng mga mahahalagang impormasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak kung may katanungan sa mga bahagi ng nabasang impormasyon.**
**Ang ilan sa mga tayori o impormasyon ay ipinadadala sa “email”.**

## 2. Alituntunin at Patakaran (Mga Halimbawa)

× Bawal pakulayan ang buhok

× Bawal magsuot ng mga alahas o aksesorya na di angkop at di kailangan sa paaralan tulad ng hikaw.

× Bawal magdala ng pera, pagkain, meryenda o laruan sa paaralan.

× Bawal gumamit ng bisikleta sa pagpasok sa paaralan.

× Huwag kalimutan na makipag-ugnayan sa paaralan kung liliban sa klase.

× Bawal ang umuwi ng hindi nagpapaalam sa guro.

× Bawal ang magdala ng “mobile phones” sa paaralan.

（Mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan kung kinakailangan ng inyong anak na magdala ng telepono）


## 3. Pang araw-araw na Iskedyul sa Paaralan

・Ang oras ng pagtatapos ng iskwela ay pwedeng magkakaiba depende sa antas at araw.

・Tungkulin ng mga mag aaral ang isulat ang mga asignatura para sa susunod na araw. Dapat itong itala araw-araw sa sulatan bago umuwi.

・Walang pasok sa araw ng Sabado at Linggo.

・Ang mga guro ay magtuturo ng halos lahat ng asignatura sa kanilang hawak na klase.




＜Iskedyul ng “subjects” sa Paaralan＞

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kokugo /Japanese | Sansu/Math (Sipnayan) | Taiiku/P.E. | Ongaku/Music (Musika) |
| Zuga Kosaku /Drawing and crafts (Pagguhit) | Doutoku /Moral education Gakkyu Katsudo /Classroom activities | Seikatsu /Life Studies <Grade 1 & 2> | Shakai /Social Studies (Hekasi) <Grade 3 to 6> |
| Rika/Science (Agham) <Grade 3 to 6> | Sogoteki na Gakusyu no Jikan /Integrated Studies <Grade 3 to 6> | Kateika /Home Economics (Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan) <Grade 5 & 6> | Gaikokugo Katsudo /YICA <Grade 3 & 4> Gaikokugo /Foreign Languages (Pag-aaral sa Wikang Banyaga) <Grade 5 & 6> |

## 4. Basehan sa Pagmamarka

① **Pagsusulit**

・Ito ay upang sukatin ang kaalaman na natutunan ng mga mag aaral sa paaralan.

② **Talaan ng Pagsusulit (AYUMI)**

・Sa pagtatapos ng termino, ang mga guro ay magsasagawa ng pangtatluhang tao na pagpupulong kasama ang mag-aaral upang ipaalam ang kanilang mga nagawa at naging buhay sa paaralan. Nagbibigay ang mga guro ng talaan ng marka (ayumi) kada magtatapos ang termino.

※ Ang lahat ng mga mag aaaral ay aangat sa susunod na antas pagsapit ng Abril.

## 5. Mga Dapat na Gawain ng mga Magulang sa Tahanan

### ① Children come home after school•••



1. **Suriin at tingnan ang talaan ng mga takdang-aralin**
   ・Makikita ang listahan ng takdang - aralin at iskedyul na isinulat ng inyong anak para sa susunod na araw. Dito din nagsusulat ang mga guro ng mga mahahalagang mensahe para sa mga magulang at taga-gabay.
2. **Basahin ang mga mahahalagang sulat (tayori) na galing sa paaralan.**
3. **Suriin at tingnan kung tama ang gawa sa takdang-aralin, pagkatapos ay pirmahan ito gamit ang simpleng istilo ng pagsulat ng pangalan o gumamit ng pantatak o “hanko”.**
4. **Bago matulog, gabayan ang mga bata sa paghahanda ng mga kagamitan na kakailanganin sa susunod na araw.**



### ② Makipag-uganayan sa Paaralan ukol sa Pagliban o Di Pagdating sa Paaralan sa Tamang Oras.

・Mangyaring siguraduhin na makipag-ugnayan sa paaralan ukol dito sa pamamagitan ng pagtawag, pag “e-mail” o pagsulat nito sa talaan ng takdang-aralin.

・Samahan ang inyong anak pagpasok sa paaralan kung ito ay huling darating.

・Kung ang inyong anak naman ay kinakailangang umuwi ng maaga kaysa sa itinakda, mangyaring sunduin ito sa paaralan.



**PAKIUSAP**: Huwag kalimutang tawagan ang paaralan sa umaga kung inyong anak ay liliban sa klase sapagkat ang mga guro ay mag-aalala sa kanilang kalagayan.

Ako po si Ken ng 1-A. Hind po ako makakapasok ngayon dahil sa lagnat.
＜Pagliban sa Klase＞

Ako si Anna ng 1-B. Ako po ay darating bandang 10:30 ngayong arav dahil po sa pagpunta sa hospital.
＜Darating ng huli＞



Ako po si Ken ng 1-B. Susunduin ko po sana ang aking anak ng bandang 1pm para dalhin sa hospital.<Maagang Pag-uwi>



# 6. Mga Kagamitang Kailangan sa Paaralan

（Ang listahan ay maaaring may pagkakaiba sa listahan ng ibang paaralan. Mangyaring sumangguni sa paaralan mismo ukol dito）

Siguraduhin na isulat ang pangalan ng inyong anak sa lahat ng kagamitan.
（Ang iba ay gumagamit ng “sticker name” para dito）

## ①. Kagamitang magmumula sa Paaralan

| | | |
|---|---|---|
| “Tag” ng Pangalan  | Aklat  | Sulatan  |
| Pansariling alarma／pito  | Sulatan ng takdang-aralin/lalagyan  | “Laptop computer”（nirerentahan）  |

## ① Listahan ng Kailangang Bilihin bago Magbukas ang Termino

| | | |
|---|---|---|
| Randoseru（anumang kulay ay maaaari）  | Sapatos (Panlabas na gamit)  | Sapatos（Panloob na gamit） at lalagyan  |
| “Bag” o Sisidlan（Para sa Lunes at Byernes）★  | “Tissue Paper” o Pamunas★  | Patungan ng Pananghalian  |
| Kagamitan sa Pagsulat<br>2B na lapis，pulang lapis,<br>“ballpen”，pambura,<br>patungan sa pagsulat,<br>“ruler/triangle”，sisidlan ng lapis |  | “Bag” o Sisidlan para sa Kasuotan sa PE  |

★Sa mga unang pagpupulong, ang mga magulang ay bibigyan ng listahan ng mga kakailanganing bilhin, makikita sa listahan maging ang sukat ng mga sisidlan o “bag”.

## ③ Mga Bayarin sa Paaralan

（Ang ibang paaralan ay pinabibili ang mga magulang sa panahon ng pagpupulong para sa gabay o impormasyon, Mangyaring alamin na ang sukat ng inyong mga anak bago dumalo）

| | | |
|---|---|---|
| “Melodica/pianica”  | Iba ibang kulay ng Lapis  | “Scotch tape”, pandikit, gunting  |
| Buong kagamitan para sa “math”  | Lalagyan  | Kasuotan para sa P.E. at sumbrerong puti-pula  |

※Ang listahan ay maaaring magkakaiba depende sa paaaralan.
Halimbawa: magkaibang hugis o ibang uri ng lapis.
Mangyaring magtanong sa guro ukol sa karagdagang impormasyon.

※Pinapayuhan ang mga magulang na mas madali ang bumili sa paaralan mismo.

※50,000 hanggang 60,000 yen ang kailangang ihandang halaga bukod pa sa randoseru.

## 7. Buwanang Bayarin sa Paaralan

| | | |
|---|---|---|
| matrikula at aklat | ¥0.- | Walang kabayaran |
| Bayarin | Higit kumulang ¥5,000.- | Gamit sa Klase |
| Bayad sa PTA | Higit kumulang ¥3,000,- | Ganap para sa mga Magulang |
| Tanghalian | Higit kumulang ¥5,000.- | ¥250.-/pagkain sa loob ng 20 araw |
| Iba pa | Magkakaiba depende sa Antas tulad ng “field trip” | |

※Ang pagbayad ay sa pamamagitan ng pagsalin sa banko, kung saan ang impormasyon ay binibigay ng paaralan. Siguraduhing may sapat na halaga ang inyong “bank account” bago sumapit and tinakdang petsa ng pagbabayad.

※Ang ibang paaralan ay pinagdadala ang mga bata ng pera sa partikular na araw.

## 8. Mahalagang Ugnayan sa Pagitan ng mga Magulang at ng Paaralan

Mahalagang ipaalam sa paaralan ang takdang pagliban o pagdating ng di maaga ng inyong mga anak. Ang mga guro ay mag-aalala sa kapakanan at kaligtasan ng mga mag-aaral kung walang pasabi ang mga magulang o tagapag-alaga ukol dito.

**Paano ito isinasagawa:**

**① Ang mga magulang at tagapag-alaga ay maaaring tumawag sa telepono o mag "e-mail" sa guro.(ang ibang paaralan ay maaaring may ibang alituntunin ukol dito)**

**② Isulat sa talaan ng asignatura ang impormasyon ukol dito at ipaabot sa kapatid o sa ibang kasabay sa pagpasok na kamag-aral. (Ang ibang paaralan ay maaaring may ibang alituntunin ukol dito sanhi ng COVID-19)**

**★Kung may alinlangan sa pag unawa ng impormasyon o dahil hindi nakakabasa ng nihongo,**

Humingi ng tulong sa kapwa magulang
＊Sila ay tinatawag na
**「Mama-tomo」「Papa-tomo」**



Kung ang mga magulang o tapagapag-alaga ay hindi nakakaunawa o nakakabasa ng wikang hapon, makipag-ugnayan sa paaralan.




Paano magkaroon o makakilala ng kapwa magulang o kaibigan?
**「Mama-tomo」「Papa-tomo」**

- Ang PTA ay isang samahan sa paaralan na binubuo ng mga magulang at tagapag-alaga. Ang mamumuno sa bawat antas ay pinipili sa seremonya ng pagbubukas ng taon.
- Ang mga magulang na napiling mamuno sa kada antas ay may pagkakataon na makipagkilala at makipagkaibigan sa mga magulang at tagapag-alaga.
- Ang iba`t ibang lugar ay mayroong mga palaro at pangkat para sa "baseball,", "basketball" o "volleyball". Ito ay hindi nasasakop ng paaralan. Ang pagsali ng bata sa ganitong mga pagkakataon ay isang paraan upang magkaroon ng mga kaibigan



## 9. Taunang Ganap

Ang paaralan ay sarado tuwing Sabado, Linggo at tuwing araw ng pyesta opisyal o bakasyon.

| | |
|---|---|
| Unang Termino （Abril - Hulyo） | Seremonya ng pagbubukas — pormal na malugod na pagtanggap sa mga mag-aaral na papasok sa unang antas. Ito rin ay hudyat ng pagsisimula ng unang terminio.<br>Pagsusuri sa Kalusugan — ang mga doctor ay magsasagawa ng pagsusuri sa kalusugan/taas/timbang ng mga mag aaral.<br>（Meron ding ibang pagsusuri tulad ng “internal medicine”, mata, dentista maging sa pagsusurin ng ihi.）<br>Seremonya ng Pagsasara — ito ay para sa pagwawakas ng termino. Bibigyan ang mga mag-aaral ng kopya ng talaan ng marka para sa unang termino. |
| Bakasyon sa Tag-init (Agosto) | Ang mga mag-aaral ay maaaring pumasok sa paaralan ito ay tinatawag na “tokobi”. Maaaari nilang gawin ang mga asignatura sa tokobi hanggang sa pagbubukas ng termino. |
| Ikalawang Termino （Septyembre ～Disyembre） | Seremonya ng pagbubukas — ito ay ang araw ng pagsisimula ng ikalawang termino.<br>Seremonya ng Pagsasara — ito ay para sa pagwawakas ng termino. Bibigyan ang mga mag-aaral ng kopya ng talaan ng marka para sa ikalawang termino. |
| Bakasyon sa Taglamig (Huling lingo ng Disyembre ～ Unang linggo ng Enero) | Ang bakasyon na ito ay umaabot ng hanggang dalawang linggo.<br>Ang mga mag-aaral ay may mga takdang-aralin na gagawin sa loob ng bakasyon na ito na kailangang tapusin bago ang seremonya ng pagbubukas. |
| Ikatlong Termino (Enero～Marso) | Seremonya ng pagbubukas — ito ay ang araw ng pagsisimula ng ikatlong termino.<br>Seremonya ng pagtatapos — pagtatapos sa elementarya ng mga mag-aaral sa ika-anim na baitang.<br>Seremonya ng Pagsasara — ito ay para sa pagwawakas ng termino. Bibigyan ang mga mag-aaral ng kopya ng talaan ng marka para sa ikatlong termino. |
| Bakasyon sa Panahon ng Tagsibol | May mga takdang-aralin ang mga mag-aaral na kailangang tapusin bago magbukas ang susunod na taon. Sa buwan ng Abril, ang mga bata ay aakyat sa susunod na baitang. |

＊Talaan ng Marka …Ang papel na ito ay binibigay sa mga magulang o tagapag-alaga,. Ito ay tinatawag na「Tsuchihyo」o「Ayumi」na maaaring magkakaiba depende sa paaralan. Ito ay binibigay sa pagtatapos ng termino. May mga paaralan na wala nito.

★Pagsasanay sa Kalamidad … Ang pagsasanay na ito ay upang malaman ang paglikas at tamang gagawin kung mayroong sakuna tulad ng sunog at lindol. Ang ibang mga paaralan ay isinasali ang mga magulang at mga tagapag-alaga upang aralin o alamin ang tamang gagawin kung ang sakuna ay nataon sa pagsundo sa mga bata.

★Panayam ukol sa natanggap na marka o tala ng mga mag-aaral
… Ang mga gurong tagapayo ay nagkakaroon ng panayam sa magulang o tagapag-alaga upang pag-usapan ang paksang ito. Isa o dalawang beses sa isang taon ginaganap ang ganitong pagtatagpo.

Ang ibang mga paaralan ay nagsasagawa ng pagsibita sa tahanan.

**Masasayang Ganap o Aktibidad（Ang mga pangalan o tawag sa mga ganap na ito ay maaaring magkakaiba depende sa paaralan.）**

| | |
|---|---|
| Sports festival<br>(pistang pangkalakasan)<br> | Ang mga mag-aaral ay maaaring makipagsaya sa ganap na ito sa pamamagitan ng pagsayaw, takbuhan at iba pa. Ang lahat ng mga mag-aaral ay kasali sa tagpong ito. Ang mga mgulang at tagapag-alaga ay maaaring dumalo upang manuod. |
| Excursion<br>(pamamasyal)  | Ang mga mag aaral ay may araw na lumalabas sa paaralan dala-dala ang kanilang pananghalian. Isang masayang araw ang ganap na ito. |
| Local visit<br>(Pagbisita sa local na komunidad)  | Pagbisita sa mga lokal na komunidad o pasilidad. Bumibisita ang mga mag-aaral sakay ng bus dala ang kanilang pananghalian. |
| School trips<br>(Gawaing pagpasyal o paglakbay)  | Pagsapit ng mga bata sa ikaanim na antas, sila ay maaring pumasyal ng higit sa isang araw. |
| Camping<br>(kamping)  | Ang mga mag-aaral sa ikalimang antas ay may ganap na umaabot sa tatlong araw kung saan isinasagawa ang iba`t ibang gawaing panlabas. |
| Music recital<br>(pagtatanghal ng musika)<br> | Ang mga mag-aaral sa bawat antas ay kumakanta at tumutugtog ng instrumento sa pagtatanghal.<br>Ang mga iba`t ibang panauhin, magulang at tagabantay ay inaanyayahan upang manuod. Ang ibang mag-aaral ay nagsasagawa ng dula sa entablado na kanilang natutunan sa klase. |
| Swimming pool class<br>(Pag aaral ng paglangoy)<br>（Hunyo～Hulyo）<br> | Sa araw ng pag-aaral ng paglangoy, ang mga mag-aaral ay sinisiguradong normal ang kanilang temperatura at isinusulat ito sa talaan.　Kailangang dalhin ang talaan na ito sa paaralan. Kung makalimutan ay hindi sila pinapayagang lumangoy sa klase kundi manuod lamang. |

| | | |
|---|---|---|
| Kasuotang Panglangoy  | Takip sa ulo sa paglangoy  | May kalakihang tuwalya para sa pang palit ng damit  |
| Pakisulatan ng pangalan ng inyong anak ang lahat ng gamit panlangoy.<br>Mangyaring tanungin ang paaralan para sa detalye ng paano at saan banda isusulat ang pangalan at kung gaano ito kalaki. | | |

## 10. Pagkilala sa Paaralan

Makipag-usap sa mga guro ng inyong mga anak maging sa mga kapwa magulang at tagabantay.

### ① Araw ng Pagmamasid sa Klase/Linggo ng "pagdalaw sa paaralan"

May pagkakataon ang mga magulang at tagabantay na magmasid habang nagkaklase, maikling oras ng pahinga, at oras ng pananghalian upang malaman ang ginagawa ng mga mag-aaral sa mga ganitong oras.

Makipagkilala sa iba pang mga magulang o tagabantay ng kaibigan ng inyong anak.



### ② Pulong para sa mga magulang o tagabantay

Pagkatapos ng panunuod sa klase, ang mga guro, magulang o tagabantay ay magpupulong upang pag-usapan ang kalagayan ng mga bata patungkol sa pag-aaral, buhay- paaralan at maging ang sitwasyon ng mga bata sa tahanan.

### ③ Pang-isahang Pulong/Pagbigay ng Talaan ng Marka



Ang mga magulang, tagabantay at guro ay pinag-uusapan ang naging kalagayan ng mga mag-aaral sa paaralan.

Maaaring magbigay ng talaan ng marka ang mga guro sa panahong ito.

※Ang ibang paaralan ay maaaring ibigay ang talaan ng marka sa araw ng seremonya ng pagtatapos.

Ang mga magulang/tagabantay at guro ay mag uusap tungkol sa kalagayan ng bata. Ito ay usapang personal at pribado.

### ④ Pagbisita sa Tahanan

Ang mga guro ay dumadalaw sa tahanan ng mga mag-aaral upang bumisita.

Kadalasan ay hindi na sila pumapasok sa loob ng bahay.

Ang ibang mga paaralan ay hindi nagsasagawa ng ganitong pagbisita.

## 11. Kumunsulta para sa mga Katanungan.

### ① Ukol sa paglaki ng inyong mga anak at sa isyu ng "bullying"

・Makipag-ugnayan sa guro ng inyong mga anak tungkol sa inyong alalahanin.

・Ang mga "nurse" at "counselors" o tagapayo ng paaralan ay may mga laan na oras para sa konsultasyon tungkol sa paglaki ng inyong mga anak.

- Ang mga "counselors" ng mga paaralan ay mga espesyalista para sa mga konsultasyon.

### ② Ukol sa Pera

・**Sistema para sa Suportang Pinansyal** — Ang mga tahanan sa lungsod o munisipalidad ay may ganitong suporta na ibinibigay para tulungan ang mga magulang at mag aaral sa mga bayarin para sa pananghalian at gamit sa paaralan. Mangyaring magtanong sa mga guro para sa karagdagang impormasyon.

※May papel na naglalaman ng impormasyon ukol sa suportang pinansyal na ipamimigay sa panahon ng pagpapalista sa paaralan.

### ③ Wikang Hapon (Nihongo) para sa mga Mag-aaral

・May mga guro na magtuturo ng wikang hapon sa mga mag-aaral na hindi nakakaunawa ng Nihongo. Kadalasan, ito ay ang mga batang hindi lumaki sa tahanan na ang unang gamit na wika ay Hapon at ito ay nagdudulot ng hirap sa pag-aaral ng mga asignatura sa wikang hapon. Sa ganitong pagkakataon, may mga guro na makakatulong para dito. Bago magsimula ang pagpasok sa paaralan, mangyaring magtanong sa mga guro para sa karagdagang impormasyon.

### ④ Wikang Hapon (Nihongo)para sa mga Magulang o Tagabantay

・ Mayroong mga libreng klase upang mag-aral ng nihongo. Mayroon ding may bayad para dito. Mangyaring humanap ng ganitong mga klase sa "Live in Hiroshima!"

| |
|---|
| 日本語教室(にほんごきょうしつ) Live in Hiroshima |

### ☆Kung nangangailangan ng tagapagsalin (translator)

・Maaaring humingi ng tagapagsalin ng wika kung mayroong pagpupulong na gaganapin sa paaralan.
Kailangan ng reserbasyon. Mangyaring magtanong sa mga guro para sa karagdagang impormasyon
Ang paaralan at guro ay makikipag-ugnayan sa opisisna ng HIC (Hiroshima International Center sa Lungsod ng Hiroshima).

## 12. Angkop na Kasuotan para sa mga Magulang (Seremonya ng Pagbubukas ng Taon)

Maraming magulang at tagabantay ang nagsusuot ng pormal na kasuotan sa ganitong seremonya tulad ng "suit" na makikita sa larawan. Kulay: itim, kulay abo o "beige". Ang iba ay naglalagay ng kurpinyo (corsage) sa gawing dibdib at nagsusuot ng kwintas.





(←kurpinyo・aksesorya na inilalagay sa gawing dibdib)

## 13. Pagpupulong para sa Impormasyon ukol sa Pagpapatala. (Bandang huling Linggo ng Enero at Unang Linggo ng Pebrero)

Maraming papel na naglalaman ng impormasyon ukol sa mga paksa na nakalista ang ipinamimigay. Mababasa ang ilan sa paliwanag ukol sa bawat paksa. Ang bawat paksa ay ipapaliwanag ng mabilis ngunit ito ay maaaring magkakaiba maging ang pagkakasunud-sunod nito depende sa paaralan.

**★ importanteng dokumento na kailangang ihanda at ipasa**

①～⑰ Kinakailangang ipasa maging ang mga listahan ng bibilhing uniporme at ilang mga kagamitan.

| Handouts | explanation |
|---|---|
| ① Kaligtasan sa Trapiko (Traffic safety) | Mga payo upang maiwasan ang aksidente sa trapiko. |
| ② "School club" pagkatapos ng klase | Ang mga mag-aaral ay maaring sumali pagkatapos ng klase hanggang gabi★Mangyaring magpasa ng aplikasyon upang mgparehistro. |
| ③ Edukasyon para sa may mga Ispesyal na Pangangailangan (Special education) | Mayroong mga bukod na klase para sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Mangyaring magtanong sa guro para sa karagdagang impormasyon ukol dito. |
| ④ Regulasyon sa Paggabay ng mga Mag-aaral (Student guidance regulations) | Ukol sa mga alintuntunin sa pananamit at gamit na dapat dalhin sa paaralan. Naglalaman din ng mga patakaran na dapat sundin kapag nasa labas ng paaralan. |
| ⑤ Sistema ng Benepisyo ng "Mutual Aid"para sa Pinsala at Aksidente (Injury and Accident Mutual Aid Benefit System) | Seguro (insurance)para sa mga pinsala dulot ng aksidente na nagaganap sa loob ng paaralan. |
| ⑥ Tanghalian sa Paaralan at "Allergy" sa Pagkain | Naglalaman ng mga paliwanag tungkol sa pananghalian ng mga mag-aaral. ★Mangyaring magsubmit ng aplikasyon kung ang inyong anak ay may "allergy"sa pagkain o kung may mga pinagbabawal na kainin. |
| ⑦ Aplikasyon para sa Pananghalian | Aplikasyon para sa Pananghalian ★May nakatakdang petsa sa pagpapasa ng aplikasyon, ang lahat ay dapat magpasa nito. |

| | |
|---|---|
| ⑧ Bago magsimula ng pagpasok sa unang antas | Ang mga magulang o tagabantay ay maaaring tanungin ng paaralan tungkol sa :<br>Ａ）kahandaan ng mga bata sa kanilang gagawin<br>Ｂ）kahandaan ng mga bata sa pagsunod sa mga alituntunin ng paaralan |
| ⑨ Talatanungan Ukol sa mga Bata at Pamilya | Naglalaman ng mga katanungan ukol sa mga bata at ng pamilya.<br>★ May takdang petsa upang ipasa. At ang lahat ay dapat magpasa. |
| ⑩ Pagpapatala ng “email”para sa panukalang pangkaligtasan ng mga bata. | Ang “email” ay ipinadadala upang magbigay ng ulat tungkol sa anumang may kinalaman sa mga di karaniwang pangyayari o anumang may kinalaman sa kaligtasan. Alamin kung paano magparehistro upang makatanggap ng ganitong impormasyon. |
| ⑪ Anunsyo: Sistema ukol sa Suportang Pinansyal para sa Edukasyon | Ang mga naninirahan sa mga lungsod o bayan ay may pinansyal na suportang natatanggap upang matugunan ang ilang pangangailangan sa edukasyon.<br>★Mahalaga ang aplikasyon ukol dito. |
| ⑫ Anunsyo: Sistema ukol sa Suportang Pinansyal para sa mga mag aaral na may kapansanan<br><br>※Hind na maaaring magpasa ng aplikasyon dito kung may aplikasyon na para sa suportang pinansyal pang-edukasyon. | Ang suportang pinansyal na ito ay para sa mga batang may kapansanan na nag-aaral sa paaralan para sa may mga kapansanan. Ang mga magulang at tagabantay ay maaaring makakuha ng ganitong suporta depende sa halaga ng kinikita.<br>★May karamihan ang dokumentong kailangang ipasa para sa aplikasyon na ito tulad ng mga resibo.Hanggang buwan ng Mayo ang pagpasa ng aplikasyon. |
| ⑬ Announcement: “PTA” | Ito ay mga paunawa mula sa samahan ng mga magulang at tagabantay. |
| ⑭ “Survey” Ukol sa Pagtalaga ng Pinuno ng“PTA” | Mangyaring isulat sa papel kung nais maging miyembro ng samahan ng PTA o hindi. Ipasa ang papel ng kasagutan sa paaralan.<br>★May takdang petsa sa pagpasa ng kasagutan sa“survey”. |
| ⑮ Students (Elementary and junior high schools) comprehensive mutual insurance system | Seguro hindi lamang para sa pinsalang natamo ng inyong mga anak kundi para din sa pinsalang maaaring nagawa ng inyong anak sa kanyang kapwa mag-aaral, hindi lamang sa paaralan, maging sa mga sitwasyon sa labas ng paaralan.<br>★ Ito ay para lamang sa mga gustong kumuha ng naturang seguro. |
| ⑯ Anunsyo: Seremonya ng Pagbubukas | Paunawa ukol sa oras at tuntunin ng seremonya ng pagbubukas. |
| ⑰ Mapa ng Karatig na Lugar (Pangunahing Ruta Patungo sa Paaralan) | Mapa ng daraanan ng mga bata papasok sa paaralan. |

## Tungkol sa Pangalan ng mga Mag aaral

Ang mga magulang at tagabantay ay pinapayuhan na palaging isulat ang pangalan ng mga mag-aaral sa wikang Hapon (Japanese)

Sa paaralan, ang mga bata ay dapat din na nagsasanay araw-araw na isulat ang kanilang pangalan sa hiragana tulad ng pagsusulat sa mga importanteng papel o tuwing may pagsusulit.

Isang magandang ideya na pasimplehin ang mga mahahabang pangalan ng mga bata na gagamitin sa paaralan,ang mga guro ay maaaring makatulong sa bagay na ito.

Ang simpleng pangalan o palayaw na maipapayo sa mga mahahabang pangalan ay magagamit din sa mga “tag”, gamit sa paaralan,sa mga personal nilang gamit maging sa mga “sticker” na idinidikit sa ibabaw ng lamesa sa loob ng silid aralan.

Reperensiya：「Elementary School life in Kure City」（Iwinasto noong Pebrero 2021）
（Nagwasto: Japanese Language Network Sumi tsudukete Kure）
「Elementary School life in Fukuyama City」（Iwinasto noong Enero 2022）
（Nagwasto：BUILD）

**BUHAY PAARALAN SA JAPAN (Hiroshima Prefecture)**

Nagsalin, Nagwasto at Naglathala：BUILD

Sa tulong ng “International Affairs Division Hiroshima Prefectural Government”